



2012 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 1: Listening and Responding

Transcript

Section 1, Part A

Text 1

(Phone rings . . . no response . . . leave a message after the tone)

Nick (Travel Agent): Hi Emma, si Nick ito.

Dumating na ang bagong 'itinerary' ng inyong grupo para sa inyong paglalakbay sa Pilipinas.

Nais ko ring malaman mo na nadagdagan ang halagang inyong babayaran para sa isang linggo ninyong pagtira sa Cebu Diwata Resort. Nadagdagan ang singil ng resort dahil daw sa pagdiriwang ng Bagong Taon.

Ang dagdag ay \$187 (isang daan walumpo at pitong dolyar) bawat tao. Kasama na rito ang pagkain at inumin.

Ipaalam mo agad sa akin kung tatanggapin mo ang bagong halagang ito. Lalakarin ko na makuha ang tiket ninyo para sa ika-labing lima (15th) ng Disyembre.

Paki tawagan mo ako. Salamat!

Text 2

Susan: Hi Jaime, si Susan ito. Ang tawag ko'y tungkol kay Lydia.

Jaime: O, anu-ano na naman ang kanyang pinag-sasabi tungkol sa akin?

Susan: Wala naman – nabalitaan ko lang na nasa ospital siya. Nasaan daw ang mga bisita...

Jaime: Ganyan talaga iyan! Huwag mo 'kong isama... siguradong hindi niya gagawin 'yan para sa 'kin.

Susan: Hindi mo alam 'yan! At saka pareho ninyong kailangang maunawaan na nakalipas na ang lahat ng iyan. Siya ay iyong dating matalik na kaibigan na kasalukuyang nasa ospital. Pagkakataon ito upang pag-isipang muli ang inyong pagka-kaibigan.

Text 3

Mother: Andy! (Shouting) Gising na! Gising na! Mahuhuli na naman tayong lahat! Kung matulog ka, para kang mantikang nanigas sa lamig!

O, hindi ka pa nakabihis kasing bagal ka ng pagong. Yan na nga ba ang sinasabi ko – yan ang mangyayari kapag magdamag nakababad sa internet. Hindi mo ba alam na ang dami kong kailangang gawin? Umaga pa lang masakit na ang ulo ko. Umaasa pa naman ako na matutulungan mo ako, pero wala akong maasahan sa yo!

O, huwag mo ako sasagutin! Nanay mo ako !

Makinig ka. Makinig kang mabuti. Mahuhuli ako mamayang hapon. Sunduin mo ang kapatid mong si Lisa at samahan mo siya sa kanyang klase sa paglalangoy. Pag-uwi ninyo dito, alagaan mo ang kapatid mo! O baka naman pagdating nyo dito eh ipagpatuloy mo pa ang tulog mo!

Hindi ka maaaring mag-basketball ngayong hapon. Hinding-hindi.

Text 4

Ngayong, ika-8 ng Oktubre, 2012 napatunayan natin na ang ating “basketball team” AGILA ay isang magaling na pangkat. Nang ‘half time’, napakalapit ng mga iskor ninyo at lamang tayo ng dalawang puntos. 46 tayo at 44 ang Lawin. Habang naglalaro, papalit-palit ang nakakalamang. Nang ilang segundo na lamang, pantay ang dalawang pangkat sa 75. Ngunit biglang nagwagi ang Lawin sa iskor na 77. Binabati ko si Angelina Cortez, bilang ating pinakamagaling na manlalaro! Pasalubungan natin ng palakpakan si Angelina! (clapping in the background)

Text 5

- Jamilla: JC, nakakita ako ng tamang-tamang kotse para sa buong pamilya! Nagpunta ako sa bilihan ng kotse at nakakita ako ng magandang puting “United Motors Prizzi”.
- JC: Tekang lang, Jamilla. (emphatic) Ako ang nakakita ng tamang-tamang kotseng pampasiklab! Dalawang pintong Zanetti sports car! (boastful) Nahanap ko sa internet.
- Jamilla: Alam mo JC, ang nakita kong “Prizzi” ay limang taon pa lang, at ang halaga ay makakaya ng Nanay at Tatay. Alalahanin mo na sila ang magbabayad nito...
- JC: Hindi problema ang presyo! Kayang-kaya kong tawaran yan. Yung nakita kong Zanetti sports car ay walang libong dolyares (\$8000) pero kayang-kaya kong tawaran yon. Ang ganda-ganda, Jamilla!
- Jamilla: Ang “sports car” ay hindi praktikal. Kailangan natin ng kotseng magkakasya ang buong pamilya, apatan ang pintuan nang hindi mahirapang sumakay ang Lolo at Lola.
- JC: Nagbabalak ka bang mag-maneho ng taksi? (sarcastically) Kul ang magmaneho ng itim na “Zanetti” sa trabaho. Bibilib ang mga kaibigan mo.
- Jamilla: Sa palagay ko’y hindi naman gusto nina Nanay at Tatay na magpahanga tayo ng tao. Huwag tayong pabigla-bigla sa pagpili. Isa pa, malakas sa gasolina ang Zanetti kaysa sa “Prizzi”. Kailangan tayong magtipid.
- JC: Kung hindi Zanetti ayoko na! Hindi ako sasakay sa Prizzi mo. Maglalakad na lang ako!

Text 6

LORNA: Ako po si Lorna inyong tagapaglingkod sa radyo. Ang paksa ngayon ay ‘online shopping’. Tumawag at ipahayag ang inyong opinyon.

MITCHELL: Ako po si Mitchell, isang taga-pakinig. Gusto ko ang “online shopping” dahil ako’y nakakatipid. Madali kong maipaghahambing ang mga halaga kaya mapipipili ko ang pinakamura.

LORNA: Ngunit makakatipid ka rin kung bibilhin mo ang mga naka-spesyal.

MITCHELL: Pero ang mga tindahan ngayon ay hindi nagbibigay ng mahusay na serbisyo.

LORNA: Ayaw mo bang subukan muna bago mo bilhin? Sa mga tindahan, magagawa mo ito. At mas madali pang ibalik ang pera mo kung kailangang magsauli.

MITCHELL: Makakapagsauli ka rin sa “online”.

LORNA: Pero gaano katagal? Bukod dito, mas malaki ang peligro ng “identity theft” sa “online”, hindi ba?

MITCHELL: Oo nga, pero ang kailangan mo lang ay maniguro na ang “website” ay walang panganib.

Section 1, Part B

Text 7

- RAYNA: Ito po si Rayna ng Celebrity Watch, “live” ngayon sa paliparan ng eroplanong sinasakyan ng isang “international teenage celebrity” na mang-aawit na si Contessa. Panauhin po namin ngayon si Marco Del Rosario, ang manedyer ni Contessa.
- MARCO: Salamat Rayna. Sabik na ang lahat sa pagdating ni Contessa at lalo na’ko dahil para sa’kin pangalawang tatay ako – kay Contessa.
- RAYNA: Marco, paano mo nilikha ang katanyagan ni Contessa???
- MARCO: Unang-una, si Contessa ay talagang magaling na mang-aawit. Ang kanyang katanyagan ay naging bunga ng malinis na pamumuhay, pag-unawa ng responsibilidad sa lipunan.
- RAYNA: Hindi lamang siya isang sikat na mang-aawit kundi mapagkawanggawa pa rin, sapagkat marami siyang mabuting mga gawain sa Bahay – Ampunan.
- MARCO: Alam ko yun. Kaya nga nililikha ko ang kanyang pangalan bilang isang magandang modelo sa mga kabataan.
- RAYNA: Kamusta naman ang kanyang personal na buhay? Mayroon bang impluwensiya ang kanyang katanyagan?
- MARCO: Naku! Wala. Hinihimok ko si Contessa na ipagpatuloy ang pag-aaral at mahalaga rin sa akin na lumaki siyang may responsibilidad at pagmamahal sa pamilya, kahit na siya’y tanyag na mang-aawit.
- RAYNA: Anong uring payo ang iyong binibigay tungkol sa kanyang pera?
- MARCO: Kasama yan sa aking ipinapangaral kay Contessa. Aba, iilang ‘handbag’ lang ang kanyang pwedeng gamitin? Di ba? Dapat siyang mag-ipon para sa kanyang kinabukasan at upang makatulong rin siya sa iba. Si Contessa ay tunay na modelo sa kabataan sapagkat walang droga, alkohol, o kahit na anong iskandalong nakasangkot sa kanyang pagkatao.
- RAYNA: Ay! Ayan na si Contessa! Palabas na sa paliparan !